

# Dispute Resolution (Resolusyon sa Pinagtatalunang Bagay) – Proseso ng Application



TENANT RESOURCE & ADVISORY CENTRE

Unit #150-900 Howe St  
Vancouver, BC V6Z 2M4

1-800-665-1185  
tenants.bc.ca

## Mga Deadline para sa Application

Maaari kang mag-apply para sa dispute resolution (resolusyon sa pinagtatalunang bagay) hanggang dalawang taon pagkatapos matapos ang iyong tenancy.

**EKSEPSYON** May mga mahihigpit na deadline para talunin ang mga eviction notice at para ibalik ng mga landlord ang mga deposit:

**5 araw** para talunin ang isang 10-Araw na Eviction Notice (Abiso na Ikaw ay Paaalisin).

**10 araw** para talunin ang isang Isang-buwang Eviction Notice (Abiso na Ikaw ay Paaalisin).

**15 araw** para talunin ang isang Dalawang-Buwang Eviction Notice (Abiso na Ikaw ay Paaalisin).

**21 araw** para talunin ang isang Tatlong-Buwang Eviction Notice (Abiso na Ikaw ay Paaalisin).

**30 araw** to para talunin ang isang Apat-na-Buwang Eviction Notice (Abiso na Ikaw ay Paaalisin).



## **MAHALAGANG AKSYON NA DAPAT GAWIN:**

### Pagpapadala ng “Notice of Dispute Resolution Proceeding Package”

Oras na natanggap na ang iyong application, padadalhan ka ng Residential Tenancy Branch (RTB) ng isang “Notice of Dispute Resolution Proceeding Package,” karaniwan gamit ang email. Oras na natanggap mo na ito, mayroon kang **tatlong araw** para ipadala ang package sa iyong landlord gamit ang **registered mail o nang personal**.<sup>2</sup>

Pagkatapos mo ipadala ang package, isumite ang form RTB-55 “Proof of Service” sa RTB portal **sa loob ng 2 araw**.

## Ano ang kailangan mo para mag-apply para sa dispute resolution?

✓ Kailangan mo ng isang Basic BCeID account kung nag-aaplay ka online. Maaari ka ring mag-apply nang personal sa anumang opisina ng Service BC.

Kailangan mo lamang ang iyong pangalan at email address para gumawa ng isang Basic BCeID account.

✓ Application fee na nagkakahalaga ng \$100.

Kung mababa ang iyong kinikita, maaari kang mag-apply para sa isang fee waiver gamit ang online application nang hindi mo kailangang patunayan kung magkano ang iyong kinikita. Para sa mga aplikasyon nang personal, gamitin ang form RTB-17 na tinatawag na “Application to Waive a Filing Fee”. Maaari mo ring irequest na ibalik sa iyo ng landlord ang fee na binayaran mo kapag nanalo ka sa hearing.

✓ Legal na pangalan ng iyong landlord at/o ng kanyang “agent,” tulad ng isang property manager.<sup>1</sup>



## Mga Deadline para sa Ebidensiya

Ang pinakamabuti ay kung maisasama mo ang may kinalamang ebidensiya sa panahon ng pag-apply. Gayunman, kung malapit na ang deadline para sa application, maaari mong isumite ang iyong aplikasyon bago mo pagsama-samahin at isumite ang iyong ebidensiya.

- Ang lahat ng ebidensiya ay dapat **matanggap** ng RTB at ng landlord sa lalong madaling panahon o 'di kukulang sa **14 araw** bago ng hearing.
- Kailangang ipakita ng landlord ang kanyang ebidensiya sa lalong madaling panahon o 'di kukulang sa **7 araw** bago ng hearing.
- Maaaring hindi tanggapin ng mga arbitrator ang nahuhuling ebidensiya kung natiyak nila na walang mahusay na dahilan para sa delay.

Kung mayroon kang ebidensiyang isusumite pagkatapos ng deadline, maaari mong sabihin na dapat ito tanggapin, o na ang hearing ay dapat i-adjourn (itigil nang sandali) at ipagpatuloy sa ibang petsa para bigyan ang landlord ng panahon na mapag-aralan ito.<sup>3</sup>

**Tingnan ang depinisyon ng “mga araw” sa RTB Rules of Procedure (Mga Panuntunan ng RTB sa Gawain).** Para masigurado, huwag isama ang una at huling araw at ang mga piyesta opisyal kapag kinakalkula mo ang iyong mga deadline para sa mga aplikasyon at sa ebidensiya.

## Angkop na Panahon Para Umalis sa Unit

Kung natalo ang tenant sa eviction hearing, kadalasang pahihintulutan ng arbitrator ang landlord ng isang Order of Possession,<sup>5</sup> kung saan karaniwang inuutusan ang tenant na umalis sa unit sa loob ng 7 araw.

Para maiwasan ang maikling timeline para umalis, maaari kang magsumite ng request para humingi ng naaangkop na panahon para umalis, bilang bahagi ng iyong ebidensiya. Maaaring ilarawan ng request kung gaano kahirap umalis mula sa unit kapag maikli ang timeline na ibinigay, at/o na hindi masamang maaapektohan ang iyong landlord kapag pinahaba niya ang deadline.



Maaari mong gamitin ang template ng TRAC na pinamagatang **“Request for Appropriate Time to Move”** na nasa aming **“Renting It Right”** online learning platform.

### Para sa Karagdagang Impormasyon

- 1 Kung hindi mo makuha ang contact information ng iyong landlord, bisitahin ang webpage ng TRAC na pinamagatang “Looking Up My Landlord.”
- 2 Maaari ka ring mag-apply na gumamit ng ibang paraan ng pagpapadala ng dokumento sa landlord gamit ang RTB-13. Tingnan ang Seksyon 3.4 ng RTB Rules of Procedure (Mga Panuntunan ng RTB sa Gawain).
- 3 Tingnan ang webpage ng TRAC na pinamagatang “Pag-apply para sa Dispute Resolution” at ang Seksyon 3.17 ng RTB Rules of Procedure.
- 4 Ang tenant ay ang aplikante sa eviction proceedings.
- 5 Tingnan ang RTB Policy Guideline 54, part D para sa impormasyon tungkol sa “orders of possessions” (pagkuha muli ng landlord sa unit).

## Checklist para sa Deadline sa Dispute Resolution

### Checklist ng Aplikante

Ang aplikante ay ang táong nagsisimula sa proseso ng dispute resolution.<sup>4</sup>

- ☒ Isumite ang aplikasyon sa loob ng 2 taon pagkatapos matapos ang tenancy o sa loob ng naaangkop na deadline para talunin ang mga eviction notice.
- ☒ Ibigay ang “Notice of Dispute Resolution Proceeding Package” sa respondent (kabilang partido) **sa loob ng 3 araw** na matanggap mo ito mula sa RTB.
- ☒ Isumite ang form na RTB-55 “Proof of Service” **sa loob ng 2 araw** pagkatapos mo ipinadala ang “Notice of Dispute Resolution Proceeding Package” sa respondent.
- ☒ Isumite ang ebidensiya sa RTB at sa respondent. Siguraduhing ito’y matatanggap **nang hindi kukulang sa 14 araw** bago ng hearing.

### Checklist para sa Respondent

Ang respondent ay ang táong kailangang sumagot sa claims ng aplikante.

- ☒ Tanggapin ang “Notice of Dispute Resolution Proceeding Package” mula sa aplikante.
- ☒ Isumite ang ebidensiya sa RTB at sa aplikante. Siguraduhing ito’y matatanggap **nang hindi kukulang sa 7 araw** bago ng hearing.

Ang TRAC ay tumatanggap ng patuloy na suporta mula sa: **Filipino**



Department of Justice  
Canada

Ministère de la Justice  
Canada

Ito’y pangkalahatang impormasyon na umaaplay sa British Columbia, Canada. Hindi magagarantiya ng TRAC na ito ang kasalukuyang bersiyon at na ito’y kompleto. Ang fact sheet na ito ay hindi dapat ituring na legal na payo para sa mga ispesipikong legal na problema. Gamitin sa sarili mong kapahamakan at konsultahin ang isang abogado kung kailangan mo ng legal na payo. V1 July, 2025.